**ACADEMIC INTEGRITY.**

*As a student of the University of the Philippines, I pledge to act ethically and uphold the value of honor and excellence.*

*I understand that suspected misconduct on given assignments/examinations will be reported to the appropriate office and if established, will result in disciplinary action in accordance with University rules, policies and procedures. I may work with others only to the extent allowed by the Instructor.*

**COPYRIGHT NOTICE**

*This material has been reproduced and communicated to you by or on behalf of University of the Philippines pursuant to PART IV: The Law on Copyright of Republic Act (RA) 8293 or the "Intellectual Property Code of the Philippines".*

*The University does not authorize you to reproduce or communicate this material. The Material may contain works that are subject to copyright protection under RA 8293. Any reproduction and/or communication of the material by you may be subject to copyright infringement and the copyright owners have the right to take legal action against such infringement.*

*Do not remove this notice.*

**DATA PRIVACY**

*The UP Privacy Policy Notice for Students can be accessed at [https://privacy.up.edu.ph/privacy-notices/ups-privacy-notice-for-students.html](https://privacy.up.edu.ph/privacy-notices/ups-privacy-notice-for-students.html).*

*I understand and agree that in order to help UP uphold my right to privacy and to comply with laws, rules, regulations, UP policies and issuances, I must take all reasonable steps to secure and keep confidential the credentials (passwords, passcodes, meeting IDs and passwords etc) provided to me in order to access UPs data processing systems (eg UP mail, registration systems learning management systems), online classes held via Zoom, Meet, Teams and such other video or tele conferencing resources, electronic subscriptions and the like.*

*I agree that I will not, through any act or omission, enable third parties to use such credentials when to do so would violate or would lead to the violation of existing laws such as the Data Privacy Act of 2012, Intellectual Property Code of the Philippines, Cybercrime Prevention Act of 2012 and other applicable laws, rules and regulations University policies such as the policies governing staff and student discipline, the Acceptable Use Policy (AUP) of the University, IT security issuances and measures and the like.*

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

*I understand and agree that in the event I violate such undertaking UP may, pursuant to applicable laws, rules, regulations and UP policies including its AUP suspend and/or cancel such access credentials without prejudice to and in addition to all other legal remedies and actions that UP and or affected third parties may take against me.*

**ACCEPTABLE USE POLICY**

*The UP Manila Canvas/ UP Manila Virtual Learning Environment is covered by the University of the Philippines' Acceptable Use Policy, which you can access at https://upd.edu.ph/aup/.*

*By logging into UP Manila Canvas/ UP Manila Virtual Learning Environment, you agree to the Acceptable Use Policy of the University.*

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 199: METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

# GABAY SA KURSO

**(Course Guide)**

## DESKRIPSYON

Ang kursong ito ay paglilinang at pagpapalalim ng mga estratehiya, lapit, at metodolohiya sa pananaliksik sa sining at kultura. Matututunan ng mga estudyante ang mainam na pagpili at pagsusuri ng angkop na metodolohiyang gagamitin sa kanilang napiling paksa ng pag-aaral. Sa dulo ng kurso, inaasahang makabubuo ang mga estudyante ng research proposal bilang paghahanda sa kanilang pananaliksik sa hinaharap.

## LAYUNIN SA PAGKATUTO

Sa katapusan ng kurso, inaasahan ang mag-aaral ay:

1. Matalakay ang mga estratehiya, kasanayan, at etiks kaugnay ng proseso ng pananaliksik;
2. Palalimin ang pagtalakay at pagsulat ng mga bahagi at balangkas ng pananaliksik pang-akademiko;
3. Matukoy at maikompara ang iba't ibang metodolohiya sa pananaliksik kaugnay sa larang ng sining at kultura;
4. Makapagdisenyo ng research proposal bilang paghahanda sa tesis.

## BALANGKAS

**I.** Introduksiyon sa Pananaliksik

II. Etiks ng Pananaliksik

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

III. Paglalatag ng Disenyo ng Pananaliksik

A. Pagbubuo ng Suliranin

B. Pagtitiyak ng mga Layunin

C. Rebyu ng Kaugnay na Literatura

IV. Metodolohiya ng Pananaliksik

A. Quantitative Research

B. Qualitative Research

C. Mixed Methods

V. Pagsasapinal ng Proposal sa Pananaliksik

**MODA NG PAGHAHATID NG KURSO:**

Sa pangkalahatan, asynchronous ang paraan ng pagsasagawa ng klase. Naka-upload bilang PA 199 (Ma'am Ow) sa VLE ang kursong ito. Ang lahat ng modyul, gawain, rubrik at mga materyal sa kurso ay matatagpuan sa VLE. Limitado ang klase sa isang synchronous meeting (Zoom meeting) kada linggo sa loob ng semestre. Ngunit maaring magpakonsulta sa pamamagitan ng VLE sa oras at araw ng klase. Maari ding mag-email na onjoson@up.edu.ph. Bawat gawain ay bibigyan din ng feedback sa VLE, o sa email.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**MGA KAGAMITAN AT BABASAHIN SA KURSO**

Ang nilalaman ng course pack para sa PA 199 ay ang sumusunod:

• Gabay sa Kurso (Course Guide)
• Mga Kagamitan sa Pagkatuto (Learning Resources) at Gabay sa Pag-aaral (Study Guide)
• Gabay sa Assignment (Assignment Guide)

Sa **Gabay sa Kurso** makikita ang deskripsyon at layunin sa pagkatuto ng kurso. Dito makikita ang detalyadong silabus na gagamitin sa klase. Dito rin makikita ang mga detalyeng mahalaga sa magiging daloy ng kurso ngayong semestre.

Ang **Mga Kagamitan sa Pagkatuto at Gabay sa Pag-aaral** ay binubuo ng mga babasahin na aaralin sa kurso sa loob ng semestreng ito. Dito na rin matatagpuan mga gabay na katanungan sa mga babasahin na inaasahang makatutulong sa inyong pagbabasa at aplikasyon ng mga natutunan sa babasahin.

Ang mga **Gabay sa Assignment** nakalista ang mga gawain sa kurso.

Ipinapaliwanag din ang mga hakbang, format, rubrik ng pagpupuntos, at deadline. Narito ang inaasahang output at pagtatasa sa natutunan mula sa babasahin.

**ISKEDYUL NG KLASE**

| Linggo | Paksa | Babasahin | Mga Gawain at Kahilingan |
|---|---|---|---|
| **1-3** | Oryentasyon sa Klase<br>Introduksiyon sa Kurso | Hannula, M., Suoranta, J., and Vaden, T. (2014). Artistic Research Methodology: Narrative, Power, and the Public.<br><br>Kumar, R. "Research: A Way of Thinking." Research Methodology. SAGE Publications Ltd. 3rd ed. 2011. | Talakayan sa klase<br><br>Assignment 1: Pagsulat ng Pagsusuri/ Kritik ng artikulo |
| 4 | Etiks ng Pananaliksik<br>Academic Integrity<br>UP Manila Research Ethics Board | Schutt, Russell. (2012). "Chapter 3: Research Ethics and Philosophy." Investigating the Social World: The Practice and Process of Research SAGE Publications Inc. Investigating the Social World.<br><br>UP Manila Review and Ethics Board. https://reb.upm.edu.ph/sops-and-forms<br><br>DAC Policy on Academic Integrity and Intellectual Dishonesty<br><br>. | Talakayan sa klase |
| 5-6 | Paglalatag ng Disenyo ng Pananaliksik<br>• Pagbubuo ng Suliranin<br>• Pagtitiyak | Campitelli, S. Developing a Research Question. University of Melbourne. Peb. 15. 2018. https://www.youtube.com/watch?v=mrWeLJZydUU<br><br>Creswell, John. (2009). "Part 1. Preliminary Considerations." | Talakayan sa klase<br><br>Assignment 2: Pagbubuo ng Suliranin at |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | ng mga Layunin<br>• Rebyu ng Kaugnay na Literatura | Research Design: Qualitative, Quantitative, Mixed Methods Approaches. SAGE Publications Inc. 3rd ed. (pp.1-46)<br><br>Kumar, R. “Reviewing the Literature.” Research Methodology. SAGE Publications Ltd. 3rd ed. 2011. | Pagtitiyak ng Layunin<br><br>Assignment 3: Rebyu ng Kaugnay na Literatura |
| 7 | **Research Break** | | |
| 8-11 | Metodolohiya ng Pananaliksik<br>• Quantitative Research<br>• Qualitative Research<br>• Mixed Methods | MacDonald, S., and Headlam, N., (n.d). Research Methods Handbook. Center for Local and Economic Strategies. pp. 1-58.<br><br>Creswell, John. (2009). “Part 1. Preliminary Considerations.” Research Design: Qualitative, Quantitative, Mixed Methods Approaches. SAGE Publications Inc. 3rd ed. pp.145-208. | Talakayan sa klase<br><br>Assignment 4: Pagsasagawa ng Sarbey<br><br>Assignment 5: Pagsasagawa ng Case Study |
| 12 | **Research Break** | | |
| 13 | Pagsasapinal ng Proposal sa Pananaliksik | | Assignment 6: Pag-uulat ng Research Proposal |
| 14 | Paglalagon ng Kurso | | Assignment 7: Pagsulat |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ng Pinal na Research Proposal |

**KAHILINGAN SA KURSO**.

Mga Gawain sa Klase 10%

Maiikling Sanaysay 20%

Rebyu ng Kaugnay na Literatura 10%

Pag-uulat ng Proposal 10%

Pinal na Proposal sa Pananaliksik 50%

Mga Gawain sa Klase

Ang mga Gawain sa Klase ay binubuo ng mga presentasyon ng paksa, pag-uulat sa resulta ng impormal na sarbey, at pag-uulat sa teoretikal na balangkas ng pananaliksik. Nakasaad sa Gabay sa Gawain ang paksa, format, at rubrik ng pag-uulat. Inaasahang maipapakita ng estudyante ang kaniyang husay sa pananaliksik, at sa mga gawaing kaugnay nito.

Maiikilng Sanaysay

Ang Maiikling Sanaysay ay binubuo ng kritik/critique ng isang artikulo at isang case study. Ang kritik/critique ay magsusuri sa metodolohiya ng artikulong napili. Samantalang ang case study ay nakapokus sa isang partikular na event, programa, polisiyang pansining. Susuriin ng mga sanaysay ang mga katangian at kaangkupan ng pananaliksik sa larang ng sining at kultura. Tinatayang hindi hihigit sa 2000 na salita ang bawat sanaysay.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura

Bubuuin ito ng maikling buod ng 10 sanggunian na kaugnay ng napiling paksa para sa pananaliksik. Inaasahang maipapakita ang kahalagahan at ugnay ng mga sanggunian sa susulating pananaliksik. Gayundin mailulugar ng estudyante ang sariling pananaliksik sa mga nauna at natapos nang pananaliksik. Mahalaga ito sa pagpili at pagpapayaman ng paksang aaralin.

Pinal na Proposal sa Pananaliksik

Bubuuin ito ng max na 5000 salita na tatalakay sa piniling paksa, teoretikal na balangkas, at pagpapaliwanag sa gagamiting metodolohiya sa pananaliksik. Paghahanda ito sa paksang itutuloy sa tesis sa susunod na semestre.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**TUNGKOL SA PROPESOR**

Nagsimula akong magturo noong 1998 pagkatapos ng kolehiyo at kasabay ng pag-aaral ng Masterado. Ibig sabihin, mas matanda pa ako sa mga magulang ninyo. Sumibol ako sa panahong hindi pa laganap ang teknolohiya kaya aminadong hindi ako gamay sa maraming teknikalidad ng apps, software, at internet. Pero hindi rin naman ako ignorante. Malay ako sa kahalagahan ng teknolohiya lalo ngayong nasa pandemya tayo. Kaya handang-handang ako matuto kasabay ninyo.

Pinapauso ko ang palayaw na Ma'am Ow kaya sana naman makisama kayo. Tutugon lamang ako sa palayaw na 'yan kaya maiging simulan ang inyong mga email gamit 'yan. Ang opisyal kong email account ay onjoson@up.edu.ph.

**MGA PANUNTUNAN SA KLASE:**

1. Mahalaga ang pagdalo sa klase. Alinsunod sa pamantayan ng unibersidad sa attendance, mayroon lamang anim (6) na pagliban ang isang estudyante. Sa ikapitong (7) pagliban, tatanggap siya grade na DRP (DROPPED).

2. Palaging nasa PDF format ang mga isusumiteng kahilingan sa klase. Apelyido ng estudyante at letra ng modyul ang default file name. Sundin ang format/halimbawa na ito: ROBREDO_MODYUL_A.
3. Kailangan tiyaking may akses ang propesor sa Google Drive o UNLISTED video para sa mga isusumiteng gawain. Kung hindi nabubuksan ang file, HINDI ITO BIBIGYAN NG PUNTOS (zero points).

4. I-send ang mga gawain/kahilingan (requirements) sa VLE submission page. Huwag i-send sa email ng propesor. Ang mga gawain/kahilingan (requirements) na sinend sa email ay hindi tatanggapin at bibigyan ng zero (0) na puntos.

5. Isang submission bawat Gawain o Assignment lamang ang tatanggapin. Ang unang file na isinumite sa VLE ang siyang kikilalanin bilang pinal na submission.

6. **HINDI tatanggapin ang mga nahuli (late) na submission ng mga gawain. Alamin ang deadline at sundin ito.** Ang mga gawain/kahilingan (requirements) na nahuli (late) ay hindi tatanggapin at bibigyan ng zero (0) na puntos.

7. **Ang oras ng konsultasyon ay Lunes-Biyernes, 9nu-7ng.** Kung mag-i-email sa propesor sa araw/oras labas ng konsultasyon (Sabado, Linggo, o pista opisyal), asahan ang tugon sa opisyal na araw/oras ng konsultasyon.
8. Ang mga larawan at video submissions ay karapatang-pag-aari ng gumawa/nagsumite nito. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-download, pag-

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

screenshot, at pag-share ng mga ito sa social media nang walang paalam o pahintulot mula sa may-ari. **Ang sinumang matutuklasang lumabag sa pamantayang ito ay mananagot sa ilalim ng Student Conduct and Discipline ng Unibersidad.**

9. **Mahigpit na ipinapatupad ang Academic Integrity Policy ng Unibersidad. Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang anyo ng PLAGIARISM, PANGONGOPYA, AT PANDARAYA sa klase. Ang sinumang matuklasan at mapatunayang lumabag sa sa polisiyang ito ay tatanggap ng zero (0) puntos sa gawaing pangklase.**
10. Nirereserba ng propesor ang opsyon na gamitin ang mga isinumiteng proyektong video o sanaysay sa mga susunod pang klase para sa layuning edukasyonal. Laging kikilalanin ang karapatang pag-aari ng mga estudyante sa anumang isinumite sa klase.

11. **LAHAT** ng gawain sa klase ay pang-indibidwal.

12. **Kailangang dumaan sa UP Manila Review Ethics Board (UPM REB) ang LAHAT ng mga proposal. Hindi maaaring magpatuloy sa PA 200 kung walang sertipikasyon mula sa UPM REB.**

13. Kung hindi makapagpapasa ng pinal na proposal o hindi umabot sa pasadong grado sa klase, tatanggap ng 5.0 o defered grade at kailangan ire-enrol ang PA 199 sa susunod na semestre. **Hindi magbibigay ng gradong INC o 4.0 ang propesor sa klaseng ito.** Kailangang natapos at may pasadong numeric grade sa PA 199 bago payagang makapag-enrol sa PA 200.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**Mga Pangunahing Sanggunian**:


1. Creswell, John. (2009). Research Design: Qualitative, Quantitative, Mixed Methods Approaches. SAGE Publications Ltd. 3rd ed. https://www.researchgate.net/publication/225083951_Research_Design_Qualitative_Quantitative_and_Mixed-Method_Approaches

2. Hannula, M., Suoranta, J., and Vaden, T. (2014). Artistic Research Methodology: Narrative, Power, and the Public. https://www.researchgate.net/publication/272295724_Artistic_Research_Methodology_Narrative_Power_and_the_Public?enrichId=rgreq-44411c9dd97b785cba8faf6af004d493-XXX&enrichSource=Y292ZXJQYWdlOzI3MjI5NTcyNDtBUzoxMDI2ODU1ODIxOTE4MjE0QDE2MjE4MzI5MTQ0ODk%3D&el=1_x_2&_esc=publicationCoverPdf

3. Kumar, R. (2011) Research Methodology. SAGE Publications Ltd. 3rd ed.

http://www.sociology.kpi.ua/wp-content/uploads/2014/06/Ranjit_Kumar-Research_Methodology_A_Step-by-Step_G.pdf

4. Schutt, Russell. (2012). Investigating the Social World: The Practice and Process of Research SAGE Publications Inc. Investigating the Social World. http://jefftirshfield.com/wp-content/uploads/2017/12/Investigating-the-Social-World_Schutt.pdf

5. MacDonald, S., and Headlam, N., (n.d). Research Methods Handbook. Center for Local and Economic Strategies. https://cles.org.uk/wp-content/uploads/2011/01/Research-Methods-Handbook.pdf

JOSON ALL RIGHTS RESERVED